# *Ang Kasakdalan*

. . .At ang makaparito para sumamba kasama n'yo. At ngayon bago lamang ang Mensahe, narito ang mabuti kong kaibigan sa entablado ngayong gabi, si Doktor Lee Vayle, mula sa simbahan ng First Baptist sa Lima, Ohio, na isa sa aking mga tagapagtaguyod ng pagtitipon sa Lima. Hiniling ko sa kanya, sa pagparito ngayong gabi, kung makakapangusap siya nang kaunti sa kongregasyon, marahil patungkol sa pagtitipon sa Lima, para sa kasunod na ilang sandali o ano. At masaya po ako't, nagagalak na ipakilala sa inyo ngayong gabi, si Doktor Lee Vayle, isang Baptist na tumanggap ng Espiritu Santo.

2 [Nangusap si Kapatid na Lee Vayle nang labing-apat na minuto, nagpatotoo na maraming tao ang napagaling.—Pat.] Amen. Pagpalain ka ng Diyos, Kapatid na Vayle, din.

3 Talagang napakalakas ng dating nun para sa isang Baptist na pastor, hindi po ba? Buweno, ikinagagalak nga natin nang husto na makasama si Kapatid na Vayle. At tunay na ang mga pinto ay bukas para sa kanya na bumalik-balik at bisitahin tayo anumang oras na gusto niya. At ngayon pong gabi . . .

Bukas ng gabi ang—*Ang Paglilibing* ng Panginoong Jesus.

4 Linggo ng umaga ang alas sais na pagbubukang-liwayway na gawain. At sa palagay ko ay naanunsyo na ng kapatid ang iba pang natitirang bahagi ng gawain.

Ngayon manalangin po tayo pansumandali.

5 Mapagpalang Panginoon, ang Iyong Salita ay Katotohanan, at ipinagpapasalamat namin ang tao na nanghahawakan Dito, nang buo ang loob, habang ibinabahagi nila Ito sa mga tao. Sa pagbubukas namin ng Biblia ngayong gabi, o sa pagbubuklat ng mga pahina Nito, nawa'y ang mapagpalang Espiritu Santo'y dumating at buksan mismo ang Salita ng pagkaunawa sa amin. Sa pamamagitan ni Jesus Cristo, ay amin itong hiling. Amen.

6 Sa gabing ito na ginugunita natin, ang pagkakapako sa krus ng mapagpala nating Panginoon, nais ko pong bumasa sa gabing ito mula sa Kanya Mismong mahahalagang mga labi, itong mga Salitang ito na Kanyang isinulat sa Kanyang Aklat. Sa San Mateo, sa ika-4 na kabanata, ating. . .at sa ika-47 at ika-48 talata, mababasa natin ito:

> *At kung ang mga kapatid lamang* ninyo *ang inyong babatiin, ano ang kalabisan ng* inyong *ginagawa? hindi baga gayon din ang ginagawa ng mga publikano?*
>
> Bagkus *kayo nga'y mangagpakasakdal, na gaya ng inyong Ama sa kalangitan na sakdal.*

7 At sa gabing ito naianunsyo na natin na ang ipangungusap nating paksa ay *Kasakdalan*. Ngayon ating. . . Kung tutuusin ay parang kakaibang teksto 'yan para talakayin sa gabing ito ng pagkakapako sa krus ng ating Panginoon. Pero ngayong araw, marahil, kayo'y nakapakinig na sa radyo, at maraming iba't ibang mensahe at mensahero na kayong napakinggan, 'yung kung papaano nila inilahad 'yung dakila't kakila-kilabot na araw na 'yun na ang Panginoon nati'y namatay para sa mga kasalanan ng mundo. Kaya napili ko, sa gabing ito, na sa ibang paraan ko ito, tatalakayin, para medyo maging kakaiba ito at mapanariwa kayo nang kaunti. At nawa'y ang mapagpalang Espiritu Santo'y kasihan ang Salita sa oras na ito ngayon habang pinagsisikapan nating maihatid Ito.

8 Haya't kasakdalan ang hinihiling ng Diyos. Gusto nating malagay 'yan sa isipan, na walang baha-bahagi ang maaaring makadako sa Presensya ng Diyos. Kinakailangan nga'y sakdal mismo, diyan sa ating pagsamba't, lahat.

9 Ngayon, dun sa halamanan ng Eden, inilagay ng Diyos sina Adan at Eba sa halamanan. At nagkasala sila't nilabag ang mga kautusan ng Diyos, sa pamamagitan ng pagkakasala, sa di pagsunod. At sa pagdating ng pagsuway, haya't di pagsunod ang pagsuway sa kautusan. At ang kautusan ng Diyos, yamang Siya'y banal, talagang lantay ang kabanalan, ay wala ngang kahit na anong bahid ng kawalan ng kabanalan ang maaaring tumindig sa Kanyang Presensya. Kaya, kung ang kasalanan ay dumating sa mundo dahil sa pagsuway, kung ganoon 'yang kasalanan na 'yan ay kinakailangan munang aksyunan bago makatindig ang makasalanan sa Presensya ng Diyos.

10 Ngayon, kung wala namang batas, wala ring katarungan. Haya't kaakibat ng batas, o, kaakibat ng katarungan ang batas. At ang batas, kapag ito'y—ito'y naisabatas na, magdedemanda ito ng katarungan.

11 Ngayon, sa batas, walang laman ang maliligtas. Ngayon, di tayo maliligtas ng batas. Nandiyan ang batas na isang bagay na ang tanging ginagawa ay ilagay tayo sa bilangguan, pero wala itong kapangyarihan para palayain tayo. Ipinapakita lang ng batas na tayo'y makasalanan, at hinahatulan tayo. Yun nga ang ginagawa ng batas. Ito'y para magdala ng kahatulan, o ipakita sa inyo kung saan kayo nagkamali. Kaya ang batas, sa sarili lang nito, ay di makapagliligtas. Isasakdal at isasakdal ka lang nito.

12 At ang Diyos, yamang banal at tuwid, marapat lamang na Siya'y maglatag ng paglilitis. Kinakailangan Niyang litisin ang makasalanan dahil sa paglampas nito sa hangganan ng biyaya, at naging mamamayang masuwayin sa batas. Kaya, ang tao na ito ay kailangang malitis.

13 At bawat batas ay may kaparusahan, haya't, ang parusa sa pagsuway sa kautusan ng Diyos ay kamatayan. At marapat lang

na ang ipataw nito sa sangkatauhan ay kamatayan. At ang buong sangkatauhan nga'y nasa ilalim ng kaparusahan sa batas na ito.

14 Ngayon, nung magkasala sina Adan at Eba, haya't walang kung anong paraan, walang kung anong remedyo para sila'y makatayo sa Presensya ng Diyos uli, maliban na lang na ang kasalanan ay maaksyunan. At walang tao ang lusot sa paggawa ng kasalanan na anumang uri, maski maliit man o malaki, ang indibiduwal na kasalanan na 'yun ay kailangang mapaglitis bago ang taong nakagawa nun ay makatayo sa Presensya ng Banal na Diyos.

15 Kaya, ibig sabihin, nung sina Adan at Eba'y nagkasala at sinuway ang batas, sila'y napasailalim sa kamatayan. At ang batas ay kinakailangan ngang maipataw, kaya naman inilagay nun ang buong sangkatauhan sa ilalim ng multang kamatayan. Ngayon kung makakapitagan lamang tayo nang ilang sandali ngayon, na ating bubulayin, at tingnan ang malaking kabuoan nito, at alalahanin na ang bawat tao rito'y kabilang dito. Bawat lalaki at babae, bata man, ay kasama sa multang kamatayan na ito, dahil sa pagsuway ng pinaka magulang ng sangkatauhan, si Adan; na dahil sa pagsuway niya, bawat isa sa atin ay nahulog mismo na biktima ng kasalanan.

16 At kinakailangang mapaglitis ang kasalanan. At kaya, ang Diyos, sa Kanyang dakilang pagka-walang hanggan at sa Kanyang dakilang pag-ibig. . . Haya't ibinubunsod ng batas na ang makasalanan ay mawalay sa kanyang Manlilikha; tapos siya nga'y pupuksain, at sukdulang pupuksain, na wala ngang kahit na anong paraan para sa kanya na makabalik pa kahit kailan maliban na lang kung ang kasalanan ay mapaglitis. At napakadali ngang paniwalaan ang ganap na pagpuksa ng isang makasalanan sa huli, dahil siya'y buong-buo't, walang hanggan na hiwalay mula sa Presensya ng Diyos.

17 Ngayon pansinin n'yo ang kasalanan na ito. At kung papaanong ang Diyos, sa pagiging tuwid, at wala nga Siyang ibang gagawin kundi ang maging matuwid, dahil Siya ang pinagmumulan ng lahat ng katarungan, kaya naman wala nga Siyang ibang gagawin kundi ipataw mismo ang parusa para sa pagsuway na ito. At ang kabayaran ay kamatayan, yamang sinabi Niya, "Sa araw na kanin ninyo yaon, ay ang araw na kayo'y tiyak na mamamatay." Ngayon, madilim na eksena nga ang mayroon tayo riyan.

18 Pero kung babalikan lang natin nang kaunti, at titingnan kung ano ang mismong mga katangian ng Diyos, tahasan nga na sinasabi ng Biblia na "ang Diyos ay pag-ibig." Pero gayon man, sa pagiging pag-ibig, Siya'y kinakailangan na tuwid din. Kaya, hindi lang 'yung patapik-tapik at palaro-laro ang ibig sabihin ng pag-ibig. Ang pag-ibig ay ang katuwiran ng Diyos.

19 Ngayon, nung makita ng Diyos na ang Kanyang mga anak ay sumuway dun sa Kanyang kautusan, at kaya nararapat lang sa kanila na mamatay, mangyaring ang kataas-taasang pag-ibig ay humakbang para gumawa ng daan. Dahil, nakita ng Diyos na ang mga anak na ito'y walang pagdududa't, tuluyang pupuksain mula sa Kanyang Presensya. Wala na ngang ibang bagay pa ang dapat gawin, dahil sinuway nila ang batas Niya, at ang kabayaran sa batas Niya ay kamatayan.

20 At pagkatapos ang pag-ibig ng Diyos ay lumabas para sa Kanyang mga nasasakupan. At kapag ang Makalangit na pag-ibig ay ipinapaaninag, ibubunga ng kataas-taasang biyaya ang pinag-uukulan ng pag-ibig na 'yun. At ang Diyos, sa paunang kaalaman, nung ibigin Niya ang Kanyang taong nilikha nang sadyang kalubos; pero, dahil may dapat bayaran, ibinunsod Niya ang panghaliling kamatayan para pumalit sa puwesto nila roon sa halamanan ng Eden. Ang nangyari nga'y, pinahalili Niya ang isang walang kasalanang nilalang, isang munting kordero na di kailanman nagkasala, at maging kahalili, para humalili at mamatay sa lugar ng makasalanan na nagkasala. At 'yun ay kordero, na pinatay, para panatilihin ang buhay ng Kanyang mga nasasakupan.

21 Sa buong Lumang Tipan ay nag-aalay sila noon ng dugo ng mga kordero at mga kambing, tupa, baka at dumalagang baka, kahalili sa kamatayan. Pero sa buong kapamahalaan ng Diyos, naroon nga sa likod ng Kanyang isipan ang tunay na Laan na parating, na 'yaong. . . Ang mga 'yun noon ay mga anino lang ng tunay na Laan na parating. At ang tunay mismong Laan na parating, ay ang Kanyang bugtong na Anak. Lahat ng mga korderong namatay ay anino lamang. At ang anino nga'y ang bahaging-negatibo ng isang bagay. At tumutukoy lamang sila sa Kalbaryo na parating.

22 Ngayon para sa isang ilustrasyon nito, bumuklat tayo sa ating mga Biblia, sa Aklat ng Mga Hebreo, at humango tayo rito kay Pablo, sa bagay na sinasabi ng dakilang alagad na ito, na sinikap niyang pagbukurin ang mga bagay na ito sa atin. Sa ika-10 kabanata ng Aklat ng Mga Hebreo, mababasa natin ito.

23 At talagang gustung-gusto ko po ang Salita! Ang Salita ang Katotohanan. At gustung-gusto kong basahin Ito sa harap ng aking kongregasyon, dahil alam ko na sa paghatol ay tatayo ako kasama sila. At kinakailangan kong managot. Kaya kung hahanguin ko Ito mula sa Salita, kung ganoon ay di ako sasala; dahil Ito ang Salita, at ang Diyos ay responsable sa Kanyang Salita.

24 Napakarami tayong nakikita sa panahon ngayon, na mga ebanghelista at kung anu-ano pa, na sa saligan ng personalidad nakabatay. Oh, grabeng kahihiyan! At masusumpungan natin, sa pagpunta sa mga iglesyang ito, pupunta tayo sa simbahan at

makikita mo dun ang isang pastor, na may kung anong munti't kakaibang arte sa kanya, may kung anong munting emosyon. Anupa't di n'yo namamalayan, ang buong kongregasyon nga'y nakukuha nila ang ganoong espiritu. Kung siya'y maemosyon nang bahagya, o may patango-tango siya ng ulo, o kung anong munting kakaibang galaw, buweno, ang buong iglesya nga'y nagagaya. At may ganyan na tayo, ngayon, sa moderno nating mga kaiglesyahan, kung saan ang namamayani ay 'yang mga sensasyon at mga mumunting bagay kagaya n'yan. At nauuwi tuloy sa kalituhan! Pero, oh, minamahal kong kapatid, kung may panahon nga na kailangan naroon tayo sa Salita, ito na 'yung panahon na 'yun!

25 Kita n'yo, di ko nga gugustuhing tumayo sa paghatol at malalaman ko na may kung anong munting lihis na bagay pala ako na munting kakaibang kapahayagan, at nalihis ko ang mga tao. Hindi ko nga gugustuhing makuha nila ang espiritu ko ng paraan ng paggalaw-galaw ko, bagkus ang gusto kong makuha nila ay ang Espiritu ng Diyos sa pamamagitan ng Salita ng Diyos, na ang bunga ay Katotohanan.

26 Kaya sa dakilang okasyon na ito ngayong gabi, nais kong bumasa mula sa Walang Hanggang Salita ng Diyos. Ngayon napagtanto natin na ang batas ay umiiral na nang maraming taon, pero di nga magagawa ng batas na iwaglit ang kasalanan. Gaya ng napangusap ko na noon, isa 'yung bilangguan. Isa nga 'yung mahusay na detektib na sinaysay sa iyo kung ano ang mga nagawa mo, pero wala ngang lunas para iabsuwelto ka. Inilalagay ka lang nun sa sanglaan, pero walang Manunubos para mailabas ka dun, sa pamamagitan nun. Ang ginagawa lang nun ay ang makulong ka, ang ipaalam lang sa iyo na ikaw ay makasalanan. Pero ngayon pansinin sa Mga Hebreo, sa ika-10 kabanata, habang binabasa natin.

> *Sapagka't ang kautusan na may isang anino ng mabubuting bagay na darating, at hindi ang tunay na larawan . . .*

27 Tandaan n'yo, ito nga'y isang anino ng isang larawan na parating. Ang ginagawa lang ng isang anino ay ang ipaalam na may larawan mismo na nagpapalitaw nung anino. "Isang anino ng mga bagay na darating, at hindi ang tunay na larawan." Pansinin, "ng mga bagay . . . "

> *. . . tunay na larawan ng mga bagay, kailan pa man ay di maaari sa pamamagitan ng mga hain* na *inihandog . . . laging magpapasakdal sa* nagsisilapit.

28 Ngayon, ang Diyos, sa pasimula'y, humiling ng kasakdalan. Si Jesus, nung Siya'y pumarito noon sa lupa, nagsabi, "Kayo'y mangagpakasakdal, gaya ng Diyos sa Langit na sakdal." At ang batas, yamang anino ng mga bagay na parating, ay hindi nga kailanman maibubunsod na ang mananamba'y maging sakdal.

Nakukuha n'yo ba 'yung diwa? Ngayon sige't ulitin lang natin para makasigurado na di n'yo ito mapalampas. Ang hinihiling ng Diyos ay sakdal na kabanalan. Wala ngang makatatayo sa Kanyang larawan, na may munti mang batik ng kasalanan. Si Jesus nga'y ganoon din ang pinatotohanan, at nagsabi, "Kayo'y mangagpakasakdal, gaya ng Diyos sa Langit na sakdal."

29 At sinabi ng Biblia na, "Hindi maibubunsod ng batas, sa pamamagitan ng mga hain nito na ang lalapit ay mapasakdal." Kung ganoon, wala ngang kakayahan ang batas na ang isang bagay ay ibunsod sa kasakdalan. Taga-turo lang ito. Itong mga hain na ito, na iniaalay taon-taon, ay di maibubunsod na ang mananamba'y mapaging sakdal. Kaya naman, wala ni isa sa ilalim ng batas, o sa pagtupad sa batas, o sa ilalim ng mga anino, ang mapapaging sakdal.

> *Sa* (ika-2 talata) *ibang paraan ay hindi kaya baga nagsipaglikat sila* ng *paghahandog?*. . .

30 Haya't kung may iba pang bagay na magagawa ko para ibunsod ko ang sarili ko na maging sakdal sa Presensya ng Diyos, hindi na sana kinailangan pa ni Cristo na mamatay para sa akin. Kung may ibang bagay nga kayo na magagawa, na maisasa alang-alang sa Presensya ng Diyos, ay namatay nang walang kabuluhan si Cristo. Walang pagsunod sa batas, walang legalistang ideya, walang sariling kabanalan, wala sa pagtigil n'yo sa paggawa ng mga bagay, na titigil sa pagsisinungaling, titigil sa pagnanakaw, titigil sa paninigarilyo, titigil sa panonood ng sine't pelikula, haya't kayo'y mapapahamak pa rin. Walang uubra! Pag-anib man sa iglesya, anumang rituwal, seremonya, bautismo, kaayusan sa iglesya, pagbabasa ng mga kredo, pag-usal ng panalangin, haya't lahat ng mga bagay na 'yan ay walang halaga. Sa kapahamakan ka pa rin! Wala ngang kahit isang bagay ang magagawa mo sa ganang sarili mo, dahil isa kang makasalanan na nasa ilalim ng kahatulan. At wala ngang kahit na anong bagay sa ganang loob mo, o ano mang kredo, o anuman na magagawa o maiisip mo, sa sarili mo, na maisasa alang-alang maski isa sa Presensya ng Diyos, dahil ikaw nga'y makasalanan sa simula't sapul.

31 At sinasabi mismo ng Biblia, na lahat tayo'y ipinanganak sa kasalanan, inanyuan sa kasamaan, dumating sa mundo na nagsasalita ng kasinungalingan. At di puwede sa Diyos na ang isang tao'y mamatay para sa isa pa, dahil ang isang tao na 'yun ay kasing makasalanan din nung isa pa. Sa Presensya ng Diyos, ang arsobispo na ipinanganak sa sanlibutang ito ay kasing makasalanan ng isang pinaka mababa't bangaw kung ituring na lasenggo sa siyudad. Walang kakayahan ang tao na tubusin ang isa pa.

32 Kaya, kumuha Siya ng walang-kasalanang buhay ng isang hayop, isang munting kordero. At sa ilalim ng Lumang Tipan,

nakasaad doon sa batas, na kapag ang isang tao'y magkasala, magdadala siya ng kordero sa dambana. Sabihin na lang natin na may sinuway siyang kautusan, dadalhin niya ang kordero at kanya 'yung ilalapag sa ibabaw ng dambana, ipapatong niya 'yung kamay niya sa kordero at sasabihin niya nang hayagan ang mga pagkakasala niya, na siya'y makasalanan at aminado siya na nagkasala siya. Na. . .hayan nga't. . .ang hinihiling ng batas ay kamatayan. At dinala niya ang kordero para humalili sa kanya. At kapag siya. . .Ang leeg ng munting nilalang na 'yun ay gigilitan, at ipapapadyak nito ang munti niyang mga paa, at iiyak. Kung nakakita na kayo ng kordero na pinapatay, grabeng nakakaawa ang iyak nun! Hayun ang kaawa-awang munting nilalang na hirap sa pag-iyak, na 'yung munting litid niya sa leeg ay ginigilitan. At habang nagpapapadyak siya at nagpupumiglas, ay tutuwid na siya, tapos magpupumiglas ulit at iiyak. Tapos aagos 'yung dugo, mapapaliguan ng dugo ang munting balahibo at ang kamay ng mananamba.

33 At mapagkikilala ng mananamba, dahil sa pangangalunya niya, sa pagsisinungaling niya, pagnanakaw, anuman ang sala niya, o maski pag-iisip lang ng masama, anuman 'yun maski katiting na anino lang, haya't siya'y makasalanan, dahil 'yun ang kalikasan niya. Siya'y makasalanang tao, marahil di dahil sa ginusto niya, kundi dahil sa kalikasan ay makasalanan siya. At kailangan niyang mapagkilala na ang munting kordero na 'yun na walang sala'y namatay sa lugar niya. At maaawa na lang sa munting nilalang na 'yun.

34 Pero ang tao, matapos na mamatay na ang kordero, na ang dugo ng naturang kordero ay nasa kanyang mga kamay, siya'y lalakad palayo ng gusali na may ganoon pa ring pagnanasa sa kanyang puso, na mayroon na siya mula simula. Bakit? Dahil 'yung buhay na naroon sa munting kordero. . .Ang buhay ay naroon sa dugo. Ang buhay mo ay nariyan sa dugo mo. Alam natin 'yan. At 'yung buhay na naroon sa dugo ng kordero ay buhay ng hayop, kaya naman nung ang mumunting korpuskulo ay pinaghiwa-hiwalay at 'yung buhay ay lumabas sa hayop, di 'yun maaaring bumaling sa mananamba, dahil ang mananamba ay isang tao.

35 Yung dugo ay isang panakip, pero di nun kayang tumubos nang ganap; hayan nga't ang tao ay lalabas ng gusali, na ganun pa rin ang pagnanasa sa kasalanan, gaya ng taglay-taglay niya sa simula't sapul. Pero, sa pagganap nito, ang tao nga'y may tinitingnang panahon sa hinaharap kung kailan magkakaroon ng sakdal na Cordero na darating. At ginaganap lamang 'yun ng tao sa haing sinusunog, dahil 'yun lang ang tanging bagay na nalalaman niya kahit paano.

36 Kaya, nakita n'yo, nung ang dugo ay umaagos, at 'yung buhay ay lumisan mula dun sa hayop, hindi nga nun kayang

bumaling pabalik sa tao; dahil, ang isa'y hayop, ang isa nama'y tao; isang hayop na walang sala, sa isang makasalanang tao.

37 Pero, oh, isang araw, mga dalawang libong taon ang nakararaan, ang Cordero ng Diyos ay ipinanganak sa isang munting sabsaban sa Betlehem, at itinuro ang daan tulad sa isang tupa na patungo sa katayan. Mga labing-siyam na raang taon ang nakararaan, sa hapon na ito, ng alas tres ay namatay Siya. Haya't ang walang bahid, walang kasalanang Cordero ng Diyos ay ibinitin sa krus ng Kalbaryo't namatay para sa bawat makasalanan. Ngayon kapag ang mananamba ay dudulog sa Cordero na ito, sa pamamagitan ng pananampalataya! At ito po'y ibang klaseng Cordero. Hindi ito 'yung klase ng Cordero na tulad nung iba.

38 Walang tao ang makalalapit sa Cordero na ito, maliban na palapitin siya muna ng Diyos. Nakikita n'yo ba ang kataas-taasang pamamahala ng Diyos? Oh, umaasa ako na babaon ito nang husto ngayon. Tingnan n'yo. Alam ng Diyos na may mga tupa Siya rito sa mundo. Alam Niya na may mga tao Siya na ililigtas, at ang pag-ibig Niya'y tumunghay at nakita ang mga tao na 'yun na maliligtas; kaya naman, sa pamamagitan ng paunang kaalaman, itinalaga na Niya nung una pa lang ang isang Iglesya na kakatagpo sa Kanya sa ibayo roon, na walang bahid o kulubot man. At kung ang kinakailangan ng Diyos ay Iglesyang walang bahid o kulubot, narapat lamang na mayroon Siyang bagay na gagawa ng daan. Hindi nga Niya hihilingin 'yun, ng Kanyang pagkamatuwid, hindi Siya ibubunsod ng mga paghatol Niya na humiling ng ganoong bagay kung wala ngang daan para magawa ito.

39 At di rin kaya ng tao na gawin 'yun sa ganang sarili niya. Isa siyang ganap na kabiguan. Ipinakita 'yun sa kanya ng Diyos sa pamamagitan ng batas, sa pamamagitan ng mga hukom, at sa buong Lumang Tipan mismo. Nagsugo Siya ng mga propeta, nagsugo Siya ng matuwid na lalaki, at nasumpungan nila na bawat isa'y bigo mismo.

40 Kaya, ang Diyos, sa pamamagitan ng kataas-taasan Niyang biyaya, ay isinugo, mula sa mga pintuan ng Kaluwalhatian, ang Kanyang nag-iisa't bugtong na Anak, para kunin ang ating lugar.

41 Pagkatandaan n'yo, kung sabihin Niya halimbawa sa papa ng Roma na ang papa ang pumalit sa lugar natin, hindi nga nito magagawa. Kung sabihan Niya halimbawa ang arsobispo ng Canterbury na gawin 'yun, haya't di rin nito magagawa. Sabihan man Niya halimbawa ang pinakabanal na kapita-pitagang padre o obispo ng mundo, hindi nito magagawa. Ang taong 'yun ay talagang tatanggihan kung papaano ngang si Judas Iscariote'y tinanggihan. Haya't di niya magagawa, dahil siya'y "ipinanganak sa kasalanan, inanyuan sa kasamaan, naparito

sa mundo na nagsasalita ng mga kasinungalingan," at maging siya'y nangangailangan ng pagtutubos.

42 Hallelujah! Pero may Isang dumating mula sa pintuan ng Kaluwalhatian; na di tulad ng sinuman, hindi sinumang tao, hindi mainam na tao, ni Judio o Gentil man. Siya'y wala na ngang iba't ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat, nakakubli sa katawan ng tao. Dumating Siya, Mismo, para ialay ang Sarili Niyang Dugo, dahil di Yun nanggaling sa pamamagitan ng seksuwal na paniniig. Walang naging papel ang seksuwal na paniniig dun. Kundi Kanyang nililiman ang isang birhen, at ibinunga mula sa isang selulang Dugo na Kanyang nilikha, Mismo, ang Isa na walang sala.

43 Kaya naman ang kaligtasan ko, ang inyo, sa gabing ito, ay di nakakabit sa merito ng sarili nating mga gawa. Nakaakibat 'yun sa positibong kataas-taasang biyaya ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat Na pinili tayo sa Kanya. Tunay. Di ko kayang maging sakdal, maging kayo'y di n'yo kayang maging sakdal. At di natin inaangkin na sakdal tayo. Pero taglay nga natin ang kaaliwan na ito, na, ang pananampalataya natin ay nakasandig sa sakdal na Hain na tinanggap na!

44 Kaya papaano natin malalaman na tinaglay na natin Yun? Kapag ipinatong ng mananamba ang kanyang kamay, sa pamamagitan ng pananampalataya, sa ibabaw ng katawan ng Panginoong Jesus, at naramdaman ang malaking kilabot ng kasalanan, at ang dura ng panlilibak sa sarili niyang mukha, naramdaman ang katakot-takot na daing sa Getsemani, ang sukdulang paghihirap sa Kalbaryo, at may pagkabatid na siya ay may sala, at ipagtatapat ang kanyang mga kasalanan nang tama, "Oh Mapagpalang Panginoon, ako'y may sala. At wala't wala akong ibang paraan kundi Ikaw nga'y sumaklolo sa akin. At sa pamamagitan ng pananampalataya . . . Isinusumamo Mo, sa Espiritu Santo, na dumating at ako'y pinalalapit. At ngayon ako, sa pamamagitan ng pananampalataya, ay tinatanggap si Jesus bilang sarili kong Tagapagligtas." Yung Buhay na 'yun na nanggaling sa Kanya sa Kalbaryo, na tinawag na Espiritu Santo, na nakubli roon sa selulang Dugo ng Panginoong Jesus, ay bumabaling pabalik sa mananamba't binabautismuhan siya ng Espiritu Santo, tungo sa Katawan ni Cristo.

45 At tinanggap na Niya ang hatol. Di mo na kailangang magalala pa tungkol sa paghatol. Sa pagbaling ko't pagtingin sa munting krusipiho, napagtatanto ko na 'yun ay . . . sumasagisag sa Kanyang katawan. At ngayon ang katawan na 'yun ay nahatulan na. Hindi nga ibubunsod ng Diyos na mahahatulan 'yun muli, dahil tumanggap na 'yun ng hatol. Inilagay na ng Diyos ang mga kahatulan ng kamatayan sa katawan na 'yun. At kung magagawa ko lang na makasumpong ng daan na makakubli sa katawan na 'yun! Ang kahatulan ay inihampas na para sa akin at para sa inyo. Malaya na tayo! Mga Taga-Roma

8:1, sabi, "Ngayon nga'y wala nang anumang hatol sa kanila na mga nakay Cristo Jesus, na di na lumalakad sa laman, bagkus ay sa Espiritu." Hayan nga, wala nang anumang hatol! Di ko alintana anuman ang dumating o lumisan, kayo'y nakakubli na sa ilalim ng Dugo.

46 Muli, papaano tayo makapapasok sa Katawan na 'yun? Unang Mga Taga-Corinto 12:13, ang sabi, "Sa iisang Espiritu!" Papaano dumarating ang Espiritu? Sa pamamagitan ng Hain. Saan naglumagak ang Espiritu? Sa loob ng Dugo. Bakit hindi maaaring bumaling para manalaytay ang sa hayop? Dahil isa 'yung hayop. Hindi nga maaaring ang espiritu ng hayop ay pumasok sa espiritu ng tao at gumawa ng kung ano rito, dahil ang espiritu ng tao ay mataas na uring antas kaysa sa hayop. Pero wala ngang espiritu ng tao ang nakakabalik. Kung kayo'y may espiritu ng mga ninuno n'yo, isa 'yang espirituwalismo. Kaya naman ang Diyos Mismo'y dumating, na sa Sarili Niyang Espiritu, na siyang pinaka mataas na antas ng espiritu na mayroon, ay makabaling pabalik sa pamamagitan ng anyo ng bautismo ng Espiritu Santo, sa mananamba, sa pamamagitan ng Dugo ni Cristo, at dalhin ang tao papasok sa Katawan. Ang tao nga'y ligtas na!

47 Masdan. Hindi uubra ang dugo ng mga baka't kambing, dahil ang mga 'yun ay mahihina. Ngayon sige't simulan nating magbasa, dito sa may ika-12 talata. Buweno. Hindi uubra ang dugo ng mga baka't kambing, hindi nga rin ito makatutubos. Masdan.

> *Nguni't siya,* (Sinong Siya? Ang obispo ba? Hindi. Ang papa ba? Hindi.) . . .
>
> *Nguni't siya, nang . . . makapaghandog ng isa lamang hain patungkol sa* kasalanan *magpakailan man, ay umupo* sa *kanan ng Dios;*
>
> *Buhat noon ay naghihintay hanggang sa ang kaniyang mga kaaway ay maging tungtungan ng kaniyang mga paa.*

48 Handa na ba kayo? Handa na ba kayo sa Salita? Pakinggan n'yo Ito, pagkatapos gusto kong ibunsod n'yo na Ito'y tumimo nang husto. Pakinggan n'yong maigi.

> *Sapagka't sa pamamagitan ng isang paghahandog* (hindi taon-taon, hindi rebaybal hanggang sa sunod na rebaybal, hindi pagtitipon hanggang sa sunod na pagtitipon, hindi isang araw hanggang sa sunod na araw) . . .
>
> Bagkus *sa isang paghahandog ay kaniyang* p-i-n-a-s-a-k-d-a-l (ang sabi ba'y kanilang? Kanyang!) . . .

> . . . *sa isang paghahandog ay kaniyang pinasakdal* (’yun ang hinihiling ng Diyos) *magpakailan man ang mga banal.*

49 Hayan nga. Yan ang kasagutan mula sa kamatayan ni Cristo. Yan ang kasagutan mula sa Kalbaryo. Ganap na Niya, sa pamamagitan ng Sarili Niyang Dugo, ay binayaran ang ating mga pagkakasala, at magpakailanmang pinasakdal, ang mga mananampalataya Niya. Kaya naman, kay Cristo haya’t tayo’y nakatatayo na nang wala nang bahid, pinasakdal sa Presensya ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat. Tayo’y mga taong salat sa pribilehiyo, dahil sa ating sariling mga turo’t aral; matagal na panahong itinuro sa atin na kailangan nating pumunta sa isang lugar, na kailangan daw nating gawin ’yung ganito’t ganoong bagay. Hindi, kapatid ko, wala ito sa bagay na nagawa mo; ito’y sa ginawa ng Diyos para sa iyo! Heto na tayo ngayon, na kung tayo’y inaring-ganap sa pananampalataya, tayo nga’y pinasakdal na nang magpakailanman sa Presensya ng Diyos.

50 Kaya nasabi ni Jesus, “Kayo’y mangagpakasakdal.” Kaya, magpakailanman na ’yung pinaging sakdal. Ang Diyos, sa pamamagitan ng kamatayan ni Cristo, labing-siyam na raang taon ang nakalilipas, ngayon, ay pinaging sakdal ang mananampalataya, na pauna na Niyang nakita bago pa man ang pagkatatag ng mundo, magpakailanman. At sila na Kanya ngang tinawag, Kanyang inaring-ganap. “Sila na nang una pa man ay nakilala na Niya, ay Kanyang tinawag; ang Kanyang tinawag, Kanyang inaring-ganap; ang Kanyang inaring-ganap, Kanyang niluwalhati na.” Kanyang pinaging sakdal na ang Kanyang mga mananampalataya!

51 Ngayon masdan, balikan natin ’yung unang talata.

> . . . *ang kautusan na may isang anino ng mabubuting bagay na darating, at hindi ang tunay na larawan ng mga bagay* na yaon, *kailan pa man sa pamamagitan ng mga hain* na *inihandog taon-taon ay magpapasakdal sa* nagsisilapit.

52 Masdan “sakdal,” ang pinag-uusapan natin dito.

> *Sa ibang paraan ay hindi kaya baga nagsipaglikat* sila *ng paghahandog? sapagka’t ang* nagsisisamba *yamang nalinis na minsan* ay *hindi na sana nagkaroon pa ng budhi sa* kasalanan.

53 Anong ibig mong sabihin? Ang salitang *budhi* riyan, ang saktong, interpretasyon, ay “pagnanasa.” At kung ang isang tao, ang mananamba, ay lalapit nang tama, sa harap ni Cristo, na nakikita ang Kanyang hirap, at iaalay ang sarili kay Cristo, at magsasabi, “Oh Panginoong Diyos, walang kahit na anong bagay sa akin ang may kakayahang makapagbayad, bagkus ako’y buong-buo mismong nakadepende sa Iyo,” pagkatapos nga’y ang Espiritu Santo na ’yun ay papasok sa puso ng tao, na

'yung mismong suliranin na dulot ng kasalanan ay tinuldukan na kailanman, dahil ang bawat pagnanasa ng kasalanan ay inalis na sa iyo. Dahil kung nagawa sana 'yun ng batas, ang mga paghahain ay di sana nagsipaglikat; pero yamang di nga nun kayang gawin, si Cristo'y namatay, para sakdalin tayo.

54 Mga kaibigan, napakaraming bagay ang maaari nating sabihin ngayong gabi, tungkol sa pagkasakdal. Sinusubukan natin sa tuwina na alisin ang puwing sa mata ng kung sino, para ipangalandakan na mas banal tayo kaysa sa kanila—sa kanila. Pero kung titingnan natin ang kabuoang larawan, ay dahil lamang sa biyaya ng Diyos kung bakit tayo ganito sa kung ano tayo ngayon.

55 Dito hindi pa katagalan, sa Ohio, natutunan ko ang isang leksyon sa isang mariing paraan. May idinaraos ako noon na pagtitipon sa Ohio, at sa karatig lang nung lalawigan ako namamalagi. Dahil sa madla, di ako makapamalagi sa mismong siyudad.

56 Dun kami kumakain sa isang munting Dunkard restawran. At kagalang-galang ang mga kalugud-lugod na mga serbidora dun, at disente ang kanilang pananamit, at talagang malinis na malinis sila, binibining-binibini ang dating, na mga nagsisilbi sa amin. Haya't munting piraso nga ng langit, ang kumain sa ganoong klaseng lugar. Yung kusina nila'y malinis at masinop. At kapag Linggo sila nga'y nagsasara at sila'y nagsisidalo sa simbahan nila. Ako po'y nagutom, haya't ako ang mangangaral sa hapon na 'yun ng Linggo.

57 At kaya nagpunta ako sa isang karaniwa't munting. . . sa isang karaniwa't munting restawran na madalas makikita rito sa Amerika, para kumuha ng makakain. At nung lumakad na ako papasok ng pintuan, haya't nakarinig nga ako ng anupa't slot machine na kalansing nang kalansing! At nakatayo roon ang isang lalaki na kasing edad ko, na marahil isang kasal na lalaki, na ang bisig niya'y nakayakap sa isang babae, naglalaro dun ng slot machine. Ang mismong batas natin, tagapagtanggol ng ating kabutihan, ng ating kapakanan, nakatayo roon na nilalabag ang mismong batas na dapat sana'y prinoprotektahan niya. Dahil, ilegal pong magsugal sa Ohio, pati paglalaro ng slot machine.

58 Tapos bumaling ako't tumingin dun sa likurang bahagi ng gusali, naroon ang grupo ng mga kabataang lalaki na mga disi ang edad, at may lumang rock-and-roll na rekord ang naroon sa machine, tumutugtog. May isang dalagita na mga nasa disi otso ang edad, malinis kung sa malinis bilang isang babae. Pero siya nga'y nakatayo roon na ang bestida ay sobrang iksi sa bandang harapan, at 'yung isa sa mga binatilyo'y nakadantay ang kanyang mga kamay sa dalagita, sa bahagi na di dapat naroon. At sila'y nagsisigarilyo't umiinom ng alak.

At sa isip-isip ko, "Oh Diyos, papaano Mo po ito naaatim?"

59 Tapos napatingin ako sa gawing kanan ko, kung saan may narinig ako na parang naghikab nang malakas. At doon nga'y nakaupo ang isang matanda nang babae, marahil sisenta anyos na, o sitenta anyos na. Ang suot niya'y maiksi't mahalay na damit, na halos kalahati lang ng biyas niya ang natatakpan sa ibabaw, at 'yung aba't matanda niyang kulubot na balat ay talagang laylay na. At mayroon siya ritong kolorete sa labi, at malaki't halatang-halata na kulay ubeng kolorete sa gilid ng kanyang mukha, pinturada; may suot na pares ng sapatos, sandalyas, labas 'yung kulay ube niyang mga kuko sa paa, pinturada rin; kulay ube ang mga kuko sa kamay, pinturada. At 'yung gupit ng buhok niya'y mapaka iksi, at pakulot pa, at kinulayan ng asul. At napatingin ako sa kanya.

60 At sa tapat lang niya sa mesa ay dalawang lalaki, lasing. Yung isa sa kanila (tag-init noon) ang suot ay malaki't lumang dyaket ng militar, na may kulay-abong panyo na nakapaikot sa kanyang leeg, at tadtad ng balbas ang mukha, padighay-dighay at kung anu-ano pa. At nagpaalam sila, 'yung mga lalaki, sa babae, at nagsimula silang lumakad nang *paganito*, papunta sa palikuran.

61 At nakatayo ako roon. Tapos sabi ko, "Diyos, bakit hindi Mo wasakin ang buong lugar na ito? Bakit hindi Mo na lang palubugin sa ilalim ng lupa?" Sabi ko, "Ang munti ko po bang Sarah at Rebekah ay lalaki sa ganitong kapaligiran?" Sabi ko, "Papaano Mo po, Diyos, sa Iyong dakilang kabanalan, natitiis na makita ang ganitong bagay, at hindi magpadala ng lindol at palubugin ito?"

62 At habang nakatayo ako roon, na kinokondena ang babae, sa kinapupuwestuhan ko, napaatras ako ng lakad sa may pinto. Naramdaman ko ang Espiritu ng Diyos na pumaroon sa akin, at napaatras ako sa likod ng pinto.

63 Tapos nakakita ako ng parang ipo-ipo. At nung nangyayari 'yun, sa pangitain, ang mundo nga 'yun na paikot-ikot. At gaya nga ng napansin ko, sa palibot nung mundo ay may mapulang guhit, sa palibot ng mundo. At nung makita ko nang malapitan ang mundo, nakita ko ang sarili ko, doon nga'y isang munting batang paslit, may ginagawang mga bagay na di ko naman dapat ginagawa; marahil di *gaanong* kalala, pero 'yun nga'y kasalanan pa rin. At sa tuwing may gagawin akong bagay, ay nababanaagan ko 'yung itim na anino na pumapailanlang patungo sa Langit. Na, kung tutuusin ay puwede nga akong patayin ng Diyos anumang minuto.

64 Tapos nakita ko na nakatayo sa pagitan ko at ng Diyos, dun nga'y nakatayo ang sakdal na Hain. Nakita ko Siya roon na nakatayo na may tinik sa Kanyang ulo, at dura na nakadikit sa Kanyang mukha. At sa tuwing nakikita ko ang mga kasalanan ko na unti-unting tumutungo sa Diyos, Kanya 'yung aabutin

at sasaluhin, na parang bumper ng sasakyan. Prinoprotektahan nga Niya ako mula sa kamatayan. At sa tuwing may gagawin akong bagay na mali, haya't kung tutuusin ay puwede na akong patayin ng Diyos. Tunay, 'yun ang hinihiling ng kabanalan Niya. Yun ang hinihiling ng batas. At sa tuwing may gagawin ako, o kayo'y may gagawin, haya't ang Dugo ni Jesus Cristo ay kumikilos na parang bumper. Tapos nakita ko 'yung mapulang guhit na kumikilos pa rin, kaya naman, ang Dugo na 'yun ay pinapangalagaan pa rin ang mundo.

65 At habang nakatayo ako, nakatingin, lalo pa akong lumapit sa Kanya habang inuusisa ko Siya. Tapos nauulinigan ko na sinasabi Niya, "Ama, patawarin mo siya, hindi niya alam ang ginagawa niya." Tapos napatingin ako sa ibaba, at dun ay may isang aklat na nakapatong. At naroon ang isang Anghel na tagalista ng tala, at nakatayo sa tabi Niya. At sa tuwing ako'y magkakasala, inililista 'yun sa may aklat. At doon sa pangalan ko. At napagtanto ko na balang araw, aking. . .yaong guhit ng Dugo ay tatanggalin na't kinakailangan ko nang tumayo sa Presensya ng Diyos, dala-dala ang makasalanan kong buhay na ito. Pero, nasaksihan ko, sa pamamagitan ng Kanyang awa na Kanyang pinipigilan ang hatol sa akin.

66 Dumulog ako sa Kanya, nang may pagpapakumbaba. Ako'y napaluhod, tapos sabi ko, "Oh Jesus, Ikaw na Anak ng Diyos, ako po'y di karapat-dapat na dumulog sa Iyong Presensya. Pero maaari Mo po ba akong patawarin sa mga bagay na nagawa ko?"

67 Hinipo Niya ang Kanyang tagiliran gamit ang Kanyang kamay, kinuha ang lumang aklat at isinulat doon "pinatawad na", inihagis 'yun sa likuran Niya, at ang mga pagkakasala ko'y nawaglit! Pagkatapos tumingin Siya sa akin, nang may pagkamariin sa mukha, sabi Niya, "Ngayon ika'y pinatawad Ko, pero gusto mong hatulan ang babae." Tapos naunawaan ko ang ibig sabihin nun.

68 Habang lumiliban ako sa pangitain, lumakad ako papunta sa babae. Sabi ko, "Kumusta po kayo?"

69 Umiinom siya noon. Tumingin siya sa akin, at nagsabi, "Oh, kumusta rin."

Sabi ko, "Maaari ba akong maupo?"

Sabi niya, "May mga kasama ako."

70 Sabi ko, "Hindi po ganoon ang ibig kong sabihin, ginang. Gusto ko lang makipag-usap sa iyo, nang isang minuto."

Sabi niya, "Sige maupo ka."

71 Tapos sabi ko, "Ginang, kani-kanina lang po, nakatayo ako sa may pinto. . . " Unti-unti kong ikinuwento 'yun sa kanya. Tapos nung dahan-dahan akong bumaling sa kanya, 'yung mga luha niya'y nagsisimulang pumatak sa pisngi niya. Tapos sinabi niya sa akin. . .sabi ko, "Ginang, hindi mo sinasadyang gawin

ang mga bagay na ito. Namatay si Jesus, at ang mga kahatulan ng Diyos ay pinipigilan ng Kanyang Dugo. Di mo intensyon na gawin ito."

72 Tapos sabi niya, "Hindi, po." Sabi niya, "Ang tatay ko ay isang diyakono noon sa isang simbahan. Lumaki ako sa isang Cristianong tahanan. Ang asawa ko't ako ay mga miyembro simula't sapul, at nabuhay ng isang Cristianong buhay." Unti-unti niyang ikinuwento sa akin, na pagkatapos mamatay nung asawa. . . Haya't may dalawa siyang anak na kabataang babae, at napariwara siya. At kung papaanong ang mga anak na ito'y iniwan siya, at kaya sinayang niya ang buhay niya. At naisip niya na wala nang pag-asa para sa kanya.

73 Pero sabi ko, "Diyos, mahahabag Ka! 'Sila na sa una pa lang ay nakilala na Niya, ay Kanyang tinawag.'"

Sabi niya, "Kayo po ba si Reverend Branham, sa dakong 'yun?"

Sabi ko, "Ako po."

74 Sabi niya, "Nahihiya tuloy ako sa sarili ko, na maupo rito na ganito ang itsura ko." Sabi niya, "Sa palagay mo po ba may pag-asa pa para sa akin?"

75 Sabi ko, "Si Jesus nga'y bukas ang bisig Niya, naghihintay lang sa iyo na lumapit ka, ginang." Tapos 'yung ibang mga tao roon ay unti-unting lumalapit. Tapos sabi ko, "Maaari ka bang pumunta lang dito sa may sahig kasama ko?"

Sabi niya, "Sige po, ginoo."

76 Inalalayan ko siya sa may kamay. Sabi ko, "Kayo'y kasing-edad halos ng aking nanay. Maaari po ba kayong lumuhod dito kasama ko, sa may sahig?" At doon sa may sahig, mistulang pinaantig namin ang dakong 'yun nung hapon na 'yun, sa isang pagdadaos ng makalumang pagtitipon. At iniligtas ng Diyos ang babaing 'yun, sa pamamagitan ng Kanyang biyaya. Siya'y nagbihis at dumalo sa pagtitipon, at, sa abot ng nalalaman ko, ay nabubuhay ng isang Cristianong pamumuhay sa gabing ito.

77 Ano po 'yun? Oh, ang hinihiling ng Diyos ay pagkasakdal! Ang hinihiling Niya ay ang inyong pagsisisi. Ang hinihiling Niya ay ang katapatang-loob n'yo sa Kanya. Oo't nakaantabay Siya ngayong gabi. Gaano man ang pagkakasala n'yo, 'yan man ay kaunti o sobra-sobra, ika'y makasalanan at makasalanan pa rin, at hindi makatutungo sa anupamang ibang daan kundi sa pamamagitan lamang ni Jesus Cristo, ang buong-kasapatang Hain ng Diyos. At sa Kanya ay pinasakdal na kayo kailanman. Bulayin n'yo 'yun! Hindi 'yun sa gana ng magagawa mo. Hindi 'yun sa bagong pahina na maibubuklat mo. Hindi 'yun sa bagong buhay na sisimulan mo sa ganang sarili mo. Yun nga'y sa pagtatapat na ika'y mali, at biyaya 'yun ng Diyos sa iyo. Yun

ang magdadala sa iyo sa kasakdalan, at sa ganoon ay ipagiging sakdal kayo kay Jesus Cristo.

78 Umaasa po ako, ngayong gabi, kaibigan ko, habang narito tayo sa dakila't maselang sandali na ito, na may mga pasya na bubuuin matapos na mapakinggan ang kuwentong ito. Marahil di n'yo pa ito narinig noon. Pero di nga kayo maaaring lumabas sa isa sa mga pintuang ito ngayon na ganoon pa ring tao nung kayo'y pumasok, lalabas at lalabas nga kayo na maaaring mas naging mabuti o mas naging malala.

79 At habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo sa kaunting sandali, nais kong pagbulayan n'yo ito nang husto. Papaano naman ang kaluluwa n'yo sa gabing ito? Si Jesus Cristo ay namatay para sa inyo.

80 Sasabihin n'yo, "Kapatid na Branham, sa susunod na lang kapag natigil ko na ang paninigarilyo ko, sa susunod na lang kapag natigil ko na ang pag-inom ko, sa susunod na lang kapag natuwid ko na ito, dun ko na lang gagawin." Oh, di nga ganun ang tamang paggawa roon. Hinding-hindi mo 'yun magagawa sa ganang sarili mo. Bakit hindi ka na lang dumulog sa ganyan mismong kalagayan mo sa oras na ito? At, sa pamamagitan ng pananampalataya, ay magtungo sa Ilog na 'yun, na sa Kanyang mga sugat na tustos ay tuluy-tuloy ang agos, kaya tumutubos na pag-ibig ay haya't iyo nang himig, at mananatiling ganoon hanggang sa ika'y yumaon.

81 Bakit kailangang manghawakan sa iba? Bakit ipagpipilitan na makapasok sa pamamagitan ng iyong simbahan? Bakit ipagpipilitan na makapasok dahil naitigil mo ang pag-inom o natigil mo ang pagsisinungaling? Pumasok ka sa daan ng kasakdalan! "Sapagkat, sa pamamagitan ng isang Hain, ay Kanyang pinasakdal magpakailanman sila na mga pinaging banal."

"Papaano ako maipapaging banal?"

82 Ipagtapat mo ang iyong mga kasalanan sa Presensya ng Dugo ni Jesus; at ang Buhay na nanggagaling mula sa Dugo na 'yun, ay babaling na't mananahan sa mananamba, at siya'y ipagiging banal mula sa mga pagnanasa sa mga bagay-bagay ng sanlibutan. Dahil, sa pamamagitan ng buong-kasapatan na Hain na 'yun, Kanyang pinaging banal tayo; sa iisang Espiritu, lahat tayo'y nabautismuhan tungo sa iisang Katawan. "Ngayon wala nang anumang hatol sa mga nakay Cristo Jesus, sa kanila na hindi na lumalakad sa laman, bagkus ay sa Espiritu." Kung kayo'y sumusubok na lumakad sa Espiritu, at tuloy pa rin ang pagnanasa sa laman, ang Hain ay di pa sapat na nailalagay sa inyo. Yamang ang isang mananambang minsan nang nilinis, ay wala nang pagnanasa sa kasalanan.

83 Hayun nga ang Kalbaryo. Hindi 'yun lugar na tindahan ng mga bulaklak, o munting lugar para gawin 'yung *ganito*

o *ganoon*. Lugar 'yun kung saan ang Diyos at ang tao'y pinagkasundo. Lugar 'yun kung saan ang kapayapaan at ganap na kaligtasan ay dinala sa sangkatauhan. Magagawa n'yo bang sumama sa akin, ngayong gabi, makasalanan kong kaibigan, patungong Kalbaryo, at sa pamamagitan ng pananampalataya ay ipahid ang Dugong ito sa inyong sariling kaluluwa, at itulot ang Espiritu Santo na pumarito at pagkabanalin kayo sa pamamagitan ng Kanyang dakilang Hain?

84 Bago po tayo manalangin, maaari n'yo po bang itaas ang kamay n'yo sa Panginoon, at sabihin, "Ikaw po'y mahabag sa akin, Diyos. Ipinagtatapat ko na ngayon ang lahat ng aking mga kasalanan, sa gabing ito ng Biyernes Santo. At tunay ko ngang ipinagpapasalamat ang dakilang paghihirap na ginawa ni Cristo para sa'kin. Isinusuko ko na ang sarili kong kalooban, ang sarili kong mga motibo at lahat, para sumunod sa Iyo mula sa araw na ito, simula ngayon." Maaari n'yo na bang itaas ang inyong kamay, sabihin, "Alalahanin mo po ako, Kapatid na Branham, sa pananalangin. Ito ang pasya ng puso ko"? May ilan pa ba, sa dakilang gabi na ito, habang naghihintay lamang tayo pansumandali? Dito sa gawing kanan ko, tunay na may isa rito. Ikinahihiya n'yo ba ang pagkakasala n'yo? Ikinahihiya n'yo ba ang mga bagay na nagawa n'yo?

85 Naghahanap ang mundong ito sa gabing ito ng mga bayani. At mayroon ngang mga bayani ito, sa pisikal.

86 Isang araw sa ibayo noon ng Switzerland, noong ang Swiss Switzerland ay nasa bingit, haya't ang grupo ng mga Swiss ay nagkatipun-tipon sa parang, para ipagtanggol—ipagtanggol ang kanilang pamayanan. Yung parating na malaking hukbo ay sobrang laki para sa kanila; ang mga kalaban nga'y pinagsanay lahat, malalaki ang mga sibat at mga pananggalang. Ang mga Swiss nga'y wala na talagang magagawa kundi sumuko. Naipit sila't ang likod ay bundok na. Pagkatapos may bayani ngang tumindig. May kinakailangang mamatay. At kung matalo sila sa labanan. . .

87 Ang gamit lang nila'y lumang mga talim ng karit, at mga bato, mga pamalo, para lumaban. Samantalang, ang parating na hukbo ay parang pader na ladrilyo. Kung sila'y makubkob, ang kaibig-ibig na mumunting mga asawa nilang babae'y lalapastanganin, ang mga anak nilang babae'y lalapastanganin, ang mga anak nilang sanggol ay papatayin, pasasambulatin ang kanilang mga ulo, uubusin ang kanilang mga bahay, ang lahat nga'y malilipol.

88 Pagkatapos may isang lalaki, na ang pangalan ay madaling nakalimutan, ang pangalan nga'y Arnold von Winkelried. Siya nga'y tumindig, at nagsabi, "Kalalakihan ng Switzerland, sa araw na ito ay iniaalay ko ang buhay ko para sa Switzerland." Sabi niya, "Doon sa may kabundukan sa ibayo ay may isang

munting puting tahanan. Naroon ang maybahay ko at tatlong anak na naghihintay sa akin. Pero di na nila ako makikita pang muli, dahil, ngayong araw na ito ay iniaalay ko ang buhay ko para sa Switzerland."

Sabi nila, "Anong gagawin mo, Arnold von Winkelried?"

89 Sabi niya, "Sige sundan n'yo ako, at gawin n'yo ang abot ng makakaya n'yo gamit ang kung anong mayroon kayo."

90 Tapos tumanaw siya roon sa hukbo hanggang sa makita niya kung saan naroon ang pinaka makapal na kumpulan ng mga sibat. Tapos itinaas niya ang kanyang mga kamay sa ere, tumakbo siya diretso sa malapad na pader ng mga sibat, at sumisigaw, "Magbigay daan sa kalayaan! Magbigay daan sa kalayaan!" Sandaang mga sibat ang bumaling para salubungin ang kanyang pag-atake; itinaas niya ang kanyang mga bisig at tinipon ang mga 'yun sa sarili niyang dibdib, na tumusok lahat sa kanya, at namatay siya sa matulis na dulo ng mga sibat na 'yun. Ang mga Swiss ay nakasunod sa likuran niya dala-dala ang mga pamalo't mga tungkod. Ang dakilang pagpapamalas ng kabayanihan na 'yun ang gumapi sa hukbo, na anupa't napaatras sila ng mga Swiss palayo sa lupain. At mula noon ay di na sila nagkaroon pa ng kahit anong giyera, mula noon.

91 Tumayo kayo sa Switzerland at sabihin n'yo ang pangalan na Arnold von Winkelried, makikita n'yo ang mga luha na tumutulo sa kanilang pisngi. Bakit? Iniligtas niya ang kanilang lupain. Isa nga 'yung dakilang kabayanihan. Madalang nga na maikukumpara 'yun, at di pa nahihigitan, dito sa lupa.

92 Pero, oh, isang munting bagay lang 'yun kumpara sa kung anong nangyari isang araw! Nung masukol ang lahi ni Adan, ang mga demonyo'y nagmamartsa sa magkabilang gilid, ang mga propeta'y nabigo, ang batas ay nabigo, ang paghahain ng mga baka't kordero'y nabigo, ang kalikasan ng tao'y nabigo, lahat mismo. At ang munting lahi ni Adan ay nasukol, sila'y talunan; nadaig sa dami nung mga diyablo, pamahiin, sakit, karamdaman. Tapos may Isa na tumindig mula sa Langit, at nagsabi, "Sa araw na ito Ako'y mamamatay para sa lahi ni Adan." Pumarito Siya sa lupa at nagsalaman. Tumingin Siya roon sa kalagitnaan ng mga sibat kung saan pinaka madilim. Ang pinaka madilim sa lahat ng kinakatakutan ng tao ay ang kamatayan, at sinalo Niya ang kamatayan sa Kanyang dibdib. At sa Kalbaryo'y nagbayad Siya sa pamamagitan ng hain, at sumigaw, "Magbigay daan sa Kalayaan!"

93 At sumigaw Siya sa Kanyang Iglesya, "Tanggapin n'yo Ito na iniiwan Ko sa inyo, ang Aking Dugo't ang Aking Espiritu, at makipagbaka kayo sa abot ng taglay n'yo." Magagawa na natin ngayong gabi na managumpay, sa pamamagitan Nun, kaibigan. Magagawa n'yong paatrasin ang diyablong 'yun palayo sa inyo. Bawat matagal nang kaaway sa buhay n'yo, ay maaari nang

palayasin sa pamamagitan ng Dugo at Espiritu ni Cristo, at maaari na kayong tumayong sakdal sa Kanyang Presensya. Si Cristo ay gumawa na ng daan!

94 Magagawa n'yo bang sa pagpipitagan ay itaas ang inyong kamay sa Kanya't, sabihin, "Patawarin Mo po ako"? Pagpalain ka ng Diyos, kapatid. Mayroon pa bang iba, "Mahabag Ka po sa akin, Diyos, ngayon ay ipinagtatapat ko na ang aking mga kamalian"?

95 Mayroon po ba ritong sala-sa-init at sala-sa-lamig na mga miyembro ng iglesya na nagpupunta sa simbahan araw-araw, at siguro'y nagsisikap na maging banal sa abot ng makakaya, pero sa kabila nun ay alam n'yo na ang pagkamainitin ng ulo at ang kalamigan ng loob, at pagka makasarili, 'yang mga gawi na 'yan ay hinihila kayo pababa hanggang sa di n'yo makamit ang pananagumpay? Nagnanais ba kayo na malinis ng Dugo, sa gabing ito, mula sa lahat ng 'yan? "Sapagkat ang mananamba na minsan nang nalinis ay wala nang budhi sa. . . " Nagnanais ba kayong itaas ang inyong kamay, kayo na mga miyembro ng iglesya? Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Itaas n'yo ang inyong kamay at sabihin, "Kapatid na Branham, alalahanin mo po ako sa panalangin." Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Mainam. Yan nga'y tunay. . . Tunay na dalisay na bagay na gawin. Pagpalain ka ng Diyos diyan sa likod, ginoo.

96 May iba pa ba na magtataas ng inyong kamay, magsasabi, "Mahabag Ka po sa akin, Diyos. Alam ko na sinasabi-sabi ko na Cristiano ako, pero di ko naman ipinamumuhay. Alam ko po na di ko nagagawa. At sa puso ko, sa totoo lang po ay di ako tuwid sa Iyo. Nagnanais akong maging isa sa hirang ng Diyos. Ramdam ko sa puso ko na isa ako, pero di ko pa naisasantabi ang mga pabigat na madaling humahadlang sa akin. At ako'y nagnanais na maisantabi ang mga ito ngayong gabi. At, sa pamamagitan ng biyaya ng Diyos, ay gagawin ko na. Ako po'y ipanalangin mo." Maaari n'yo bang itaas ang inyong kamay? Pagpalain ka ng Diyos, binibini. Sa iba pa. May kaunti pang sandali, maghihintay lamang tayo.

97 Habang naghihintay tayo nang taimtim, ang bawat isa po ngayon habang ang inyong mga ulo'y nakayuko sa panalangin, marahan pong ihiging ito ngayon.

There is a Fountain filled with Blood,
Drawn from Emmanuel's vein,
And sinners plunged beneath its. . .
Lose all their guilty stain, lose. . .

98 Magagawa n'yo bang pagbulayan na ito ngayon? Huwag n'yong subukang idaan sa paghuhugas-kamay. Si Cristo ang nariyan sa inyong kamay.

99 Sinubukan 'yun ni pilato, noong umagang 'yun, nang mga bandang alas sais; pero ang kanyang mga kamay ay duguan pa

rin, duguan sa pagkakasala. Alam n'yo ang nangyari sa kanya. Nagpunta siya sa Switzerland, maraming taon pagkatapos nun, nawala sa katinuan ng pag-iisip, inihulog ang sarili't mamatay sa isang sapa ng tubig. Ngayong umagang ito, sa Switzerland, daan-daan ang nagpupunta roon para panoorin ang eksenang 'yun, na may asul na tubig na bumubukal mula sa ilalim ng malaking sapa na 'yun ng tubig. Taon-taon nilang napapanood 'yun. Isang matandang alamat 'yun, na sinasabi-sabi nila na tumanggi ang Diyos na mahugasan ni Pilato ang mga kamay niya.

100 Kapatid, kahit na gaano pang karaming beses kayo na nabautismuhan, kahit na ano pa ang sapilitan n'yong gawin, walang makapaglilinis sa inyong mga kamay kundi ang Dugo lang mismo ni Cristo. Haya't tumanggi nga roon ang Diyos. At 'yung asul na tubig, pagkalipas ng dalawang libong taon, halos, ay bumubukal pa rin mapasa hanggang ngayon. Tinanggihan 'yun ng Diyos. Yang sarili n'yong pagkamatuwid ay di mismo makapaglilinis ng inyong pagkakasala. Walang iba't ang Dugo lamang ni Jesus! Bulayin n'yo 'yun ngayon. Mananalangin po tayo, sa ilang saglit.

101 Iniisip ko nga kung maaari akong magtanong sa gabing ito. Nung tumayo Siya roon sa bulwagan ng paghahatol ni Pilato, noong umagang 'yun, at nagsabi, "Kung ang Kaharian Ko ay sa mundong ito, makapapangusap Ako sa Aking Ama at dali-dali Siyang magpapadala sa Akin ng labing-dalawang pulutong ng mga Anghel." Gayong, isa lang ay magagawa nang wasakin ang mundo. "Mangungusap lang Ako sa Kanya, at labing-dalawang pulutong ng mga Anghel ang malaya Ko ngang magagamit." Magagawa nga Niya. Pero tumayo lang Siya roon, na maamo't mababa ang kalooban, para pasanin ang inyong kamatayan at angkinin ang inyong mga kasalanan.

102 Kayo ba'y hustong magpapasalamat para sa Hain na 'yan sa gabing ito, kayo na mga nangangailangan para rito, at mga nangangailangan sa mga pagpapala ng Diyos, maaari po ba kayong tumayo para sa pananalangin na ito? Tumayo lamang, kayo na nais maisama sa pananalanging ito, sabihin, "Diyos, Ikaw po'y mahahabag nawa sa akin. Nagkasala ako, nakagawa ako ng mga bagay na mali, at ngayon ay nagnanais ako na tanggapin ang pagpapatawad sa akin sa pamamagitan ni Cristo Jesus." Maaari na ba kayong tumayo sa oras na ito? Pagpalain ka ng Diyos, kabataang babae. Kagitingan 'yan. Manatili lang na nakatayo riyan.

103 Masasabi n'yo ba 'yan sa akin na nagtaas kayo ng kamay, at tapos ay walang sapat na sinseridad para tumayo? Ano ba ang mabuting dulot sa inyo ng Ebanghelyo? Oh, 'yang palaro-laro lang para sa inyo ang simbahan, palaro-laro lang para sa inyo ang Diyos! Ang oras ay malapit na, isa sa mga araw na ito may bomba atomika na tatama rito sa kung saang dako, sa isa

sa naglalakihang planta ng pulbura rito. Wala nang kahit kisap na segundo para mapag-isipan pa ang gagawin. Magiging huli na ang lahat sa sandaling 'yan, at marahil puwedeng mangyari bago ang susunod na Pasko ng Pagkabuhay, o ngayong Pasko ng Pagkabuhay na mismo. Magagawa n'yo na bang tumayo ngayon, sabihin, "Diyos, mahabag Ka po sa akin, na isang makasalanan. Ngayon ay tinatanggap ko na si Cristo, sa paghahandog Niya sa Sarili bilang kabayaran sa aking mga kasalanan. At sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, at Kanyang biyaya lamang, ako nga'y nakapaglulumagi sa Presensya ng Diyos." Magagawa n'yo na bang ipagtapat ang kamalian n'yo? Ang tao na itatago ang mga kasalanan niya ay di pagpapalain. Ang magtatapat sa kanyang pagkakasala, ay may kahabagan. Nasa sa inyo 'yan. Siya'y nakaantabay.

104 Ngayon, Mapagpala naming Panginoon, mula sa maraming bilang na narito sa gabing ito ay tumayo ang tatlong kaluluwa na nagsisisi, isang lalaki't dalawang babae.

105 Sa aking pagbubulay, Panginoon, patungkol sa Kalbaryo, nung may isa sa isang gilid, sabi, "Panginoon, alalahanin Mo ako kapag Ikaw ay nagtungo na sa Iyong Kaharian"; ang sabi naman nung isa, "Kung Ikaw nga yaon, pakitaan Mo kami ng isang himala, ialis Mo kami mula sa krus na ito at iligtas Mo ang Sarili Mo." At ang sabi nung isa, "Diyos, mahabag Ka po sa akin." At ang Iyong ulo'y pumaling sa kanan, at nagsabi, "Ngayong araw na ito ay makakasama Kita sa paraiso." Pero Ikaw nga'y di umimik dun sa isa, dahil walang pagsisisi.

106 At, Diyos Ama, dalangin ko na marahil ito lang . . . Akin nga pong itinatagubilin na silang tatlo lamang dito sa gusali, ang nakaramdam na kailangan nilang ipagtapat ang kanilang mga kamalian. Pero hayan nga't dumudulog sila sa daan ng buong-kasapatan, sa daan mismo ng krus. Iyo pong patawarin sila, Panginoon, at pagpalain sila. Nakatayo sila sa gabing ito; gaya nga ng pagtayo Mo para sa kanila, sa bulwagan ng paghahatol ni Pilato; habang nakatayo Ka roon para sa kanila, sa pagitan ng Langit at ng lupa, noong mga sandali na lumubog ang araw at ang buwan ay di nagpapaaninag ng liwanag, at ang tabing sa templo'y nahapak mula itaas paibaba. Dalangin ko, Diyos, na Iyong pagpapalain sila at ipagkakaloob sa kanila ang Iyong mga kaawaan, at lilinisin sila ng Iyong Dugo. At bautismuhan Mo po sila ng Iyong pagbabanal na Kapangyarihan, tungo sa Katawan ng Iyong Sariling Anak, na si Cristo Jesus, upang sila nga'y mapanatili sa panahon at Walang Hanggan. Pagpalain Mo rin ang iba pa na ang pakiramdam ay maayos na sila, na kanila nang natamo ito at ginawa na mismo. Idinadalangin ko ang pagpapalang ito sa kanila, sa Pangalan ni Cristo. Amen.

107 Pagpalain kayo ng Diyos. At kayo na nakatayo malapit sa kanila na nagsipagtaas ng kanilang kamay, sige't umabot lang at kamayan sila, ang mga tao riyan, at sabihin, "Pagpalain

ka ng Panginoon," mainam po 'yan, bilang pakikipagkamay sa pakikisama.

108 Medyo atrasado na tayo sa ating mga gawain. Ilan po ang umiibig sa Panginoong Jesus, pakitaas po ng kamay? Iniisip ko, sa kataimtiman ngayon, o maging taimtim lang po tayo sa abot ng makakaya natin, habang ginugunita Siya Na sumasalahat ng dako, na narito sa gabing ito, haya't kung puwede tayong umawit nang marahan.

> Doon sa may krus na Tagapagligtas ko'y namatay,
> Doon na paglilinis ng sala ko'y aking saysay;
> Doon sa puso ko (nung mapagsulit mo ang hinihiling, ipinatong mo ang iyong mga kamay Roon), doon sa puso ko'y ang Dugo'y inilagay;
> Oh, Luwalhatiin ang Pangalan Niya!

Awitin na natin nang marahan ngayon, habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo sa Kanya.

> Down at the cross where my Saviour died,
> Down there for cleansing from sin I cried;
> There to my heart was the Blood applied;
> Glory to His Name!
>
> Glory to His Name, precious Name!
> Glory to His precious Name!
> There to my heart was the Blood applied;
> Glory to His Name!

109 Ngayon tumaimtim po, habang nakayuko ang inyong mga ulo. Kayo na mga naligtas na, sabihin, "Oh . . ." Itaas n'yo ang kamay n'yo ngayon.

> Oh, precious Fountain that saves from sin!
> I am so glad I have entered in;
> There Jesus saves me and keeps me clean;
> Glory to His Name!
>
> Glory to His precious Name!
> Glory to His precious Name!
> There to my heart was the Blood applied;
> Glory to His Name!

110 Ngayon sa pagbaba n'yo ng inyong mga kamay, ang inyong mga ulo'y nakayuko. Naiisip ko lang; may tumawag kanina lang, at ang sabi'y may gustong maalaala sa pananalangin sa gabing ito, para sa kanilang katawan. Di na sila makakabalik sa pagtitipon para sa Linggo ng gabi, para sa dakilang gawain ng pagpapagaling. Maaari po ba kayong tumayo, kayo na nagnanais na maalaala sa pananalangin na 'yan ngayon?

. . . to my heart was the Blood applied;
Glory to His Name!
Glory to . . .

111 Ngayon habang nakayuko ang inyong mga ulo. “Nasugatan Siya dahil sa ating pagsalangsang, nabugbog dahil sa ating kasamaan, ang parusa na tungkol sa ating kapayapaan ay nasa Kanya, at sa Kanyang mga latay ay tayo’y pinagaling.”

Glory to his Name!

112 Ngayon, mapagpalang Ama, habang may pagpapakumbaba kaming dumudulog sa krus sa sandaling ito ngayon, kung saan nasumpungan ako ng biyaya’t awa, kung saan ang Maliwanag na Bituwin sa Umaga’y nagpapaaninag ng mga sinag Nito sa paligid ko. Ang mga maysakit pong ito’y nakatayo sa Iyong Presensya. Sila’y nagsisisampalataya ngayon, sa pamamagitan ng pananampalataya, sila’y nakatuon sa likod na ’yun na puno ng latay, noon. “At sa Kanyang mga latay ay pinagaling kami.” Kabanal-banalang Ama, kami’y dumudulog mismo na ipinapahayag ang aming pananampalataya, nananampalataya na Iyong pinagagaling ang aming mga katawang may sakit, sa pamamagitan ng teribleng hirap na dinanas ng Panginoong Jesus alang-alang sa sangkatauhan. At iniaalay namin para sa mga taong ito na mga nakatayo, ang isang pananalangin ng pananampalataya, na ipinangako Mo na magpapagaling sa mga maysakit. At kami po’y, sama-sama, bilang isang lakip ng mga mananampalataya Mo sa gabing ito. Sinabi Mo, “Saanman na may dalawa o tatlo na nagkakatipon, Ako’y nasa kalagitnaan nila.” At kami’y humihiling ng kahabagan para sa kanila, na ang Iyong biyaya’y hipuin ang kaloob-loobang kaluluwa, na may bagay na aangkla sa kaibuturan; na mapagkikilala nila na si Cristo ay narito at nangusap sa kanila, na sinasabi, “Anak Ko, Akin nang dinadala ang karamdaman mo sa Kalbaryo. Ngayon ilagak mo lang ang kabalisahan mo sa Akin, sapagkat Ako’y nagmamalasakit sa iyo.” At nawa sila’y mapagaling, ang bawat isa’y mapaging buo, sapagkat hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

113 At sa pag-upo nila ngayon, sa mga malapit sa kanila, sige’t ipatong n’yo ang inyong mga kamay sa kanila, kayo po riyan na nananalangin para sa kanila. Sabi ng Biblia, “Ipapatong nila ang mga kamay nila sa mga maysakit; sila’y magsisigaling.” Ang Panginoon ang magpala.

114 Kung di po ako nagkakamali, ang nakikita ko bang lalaki riyan ay hindi ba’t napagaling na mga dalawang araw na ang nakararaan, o dalawang Linggo na ang nakararaan, na siya’y bingi may kung anong suliranin sa tainga niya? Nakikita ko na nasisiyahan ka sa pagtitipong ito ngayong gabi. Naririnig mo na ba ako nang maigi ngayon? Mainam ’yan. Kahanga-hanga! Sige nga’t tumayo ka pansumandali. Ilan po ang nakakaalala

na narito siya noon? At dumaan pa nga siya sa may pila rito sa pananalangin, pinasampa siya sa entablado, at pinagaling siya ng Panginoon at pinaigi siya. Purihin ang Panginoon! Salamat, kapatid, para sa iyong pagpapatotoo. Marahil sangdosena pa! Pero hindi ba't Siya'y kahanga-hanga talaga?

115 Ngayon, ikalulugod namin na makita kayo uli bukas ng gabi, nang maaga. At pagkatapos Linggo ng umaga, maaga rin. Linggo ng hapon, at kung makababalik pa kayo para sa gawain ng pagpapagaling ay sa Linggo ng gabi po 'yan. Hanggang sa pagkikita natin muli, tayo'y tumayo na at awitin ang awitin natin ng pagtatapos, "Take The Name Of Jesus With you."

Take the Name of Jesus with you,
Child of sorrow and of woe;
It will joy and comfort. . .(Umikot lang po sa paligid at makipagkamay sa lahat.)
Take It everywhere you go.

Precious Name, (umikot lang sa buong paligid at makipagkamay), Oh, how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven;
Precious Name, precious Name, Oh how sweet! How sweet!
Hope of earth and joy of Heaven.

Ngayon bumaling naman sa gawi rito.

At the Name of Jesus bowing,
Falling prostrate at His feet,
King of kings in Heaven we'll crown Him,
When our journey is complete.

Precious Name, Oh how sweet! Oh how sweet!
Hope of earth and joy of Heaven;
Precious Name, Oh how sweet! How sweet!
Hope of earth and joy of Heaven.

116 Ngayon huwag n'yong kalimutan ang Neville choir, kwartet na pagsasahimpapawid sa umaga, WLRP, ng alas nuwebe. At si Kapatid na Stricker ay eere naman ng alas nuwebe kuwarenta y singko, Linggo ng umaga. May ginawa kaming teyp para sa kanya kaninang hapon, patungkol sa pagkabuhay na mag-uli.

117 At ngayon, hanggang sa pagkikita natin muli, ang mga pagpapala nga ng Panginoon ay mapasainyo, habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo. At hihilingin ko sa aking mabuting kaibigan at kapatid, Kapatid na Palmer, ng Macon, Georgia, na tapusin ang gawain sa isang pagdulog na pananalangin, haya't tayo po'y mananalangin na. Kapatid na Palmer.

*Ang Kasakdalan* TAG57-0419
(The Perfection)
Serye Ng Mga Rebaybal Sa Pasko Ng Pagkabuhay

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Biyernes Santo ng gabi, Abril 19, 1957 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2020 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:



Voice Of God Recordings
P.O. Box 950, Jeffersonville, Indiana 47131 U.S.A.
www.branham.org